# Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Layunin ng modyul na ito na ipakita sa mga mag-aaral ang ilan sa mga mabuting pagpapahalaga at kaugalian sa pamamagitan ng pag-aaral ng ating kultura.

Sa modyul na ito, matututuhan mo ang tungkol sa iba't ibang katangian ng mga Pilipino. Matututuhan mo rin ang ilan sa mga tradisyong Pilipino. Gagabayan ka nito upang makilala ang mga kanais-nais at di kanais-nais na katangiang Pilipino upang mapanatili ang mga mabubuti at iwaksi ang hindi. Kalulugdan mo ang ilan sa mga makukulay na kaugaliang Pilipino na nagpapamalas ng mayaman nating kultura.

Nahahati sa dalawang aralin ang modyul na ito :

Aralin 1 — *Iba't ibang Katangian ng mga Pilipino*

Aralin 2 — *Iba't ibang Tradisyong Pilipino*

# Anu-ano ang Matututuhan Mo sa Modyul Na Ito?

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, magagawa mo nang:

- makilala ang pagkakaiba ng kanais-nais at di-kanais-nais na katangian ng mga Pilipino;
- mapanatili ang mga kanais-nais na katangiang Pilipino at alisin ang mga di-kanais-nais;
- kilalanin ang ilan sa mga iniingatang tradisyong Pilipino; at
- ipagmalaki ang mayaman at makulay na kulturang Pilipino.

## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo umpisahang pag-aralan ang modyul na ito, sagutin ang pagsasanay sa ibaba para malaman kung ano na ang na nalalaman mo tungkol sa paksang tatalakayin.

Isulat ang **T** kung ang pahayag ay tama at **M** kung ang pahayag ay mali.

______ 1. May malapit na ugnayang pampamilya ang mga Pilipino.

______ 2. Sa isang pamilyang Pilipino, ang ina ang namumuno.

______ 3. Lubhang maawain at mapagbigay ang mga Pilipino, lalo na sa pagtulong sa mga taong nawalan ng mahal sa buhay.

______ 4. Ang pakikipag-away sa kaibigan at pananakit ng damdamin ang kahulugan ng pakikisama.

______ 5. Ang *padrino system* ay ang paggamit ng tagapamagitan kung may hindi nagkakasundo.

______ 6. *"Bahala na"*, ang ginagamit na ekspresyon kapag ang tao'y naniniwala na ang kanyang tagumpay at pagkabigo ay nakasalalay sa suwerte o kapalaran.

______ 7. Ang ugali ng mga Pilipino na tapusin ang mga gawain sa oras ay tinatawag na *mañana habit*.

______ 8. Ang *amor propio* ay tumutokoy sa pagpuna sa sarili.

______ 9. Ang panggagaya ay isang katangian ng mga Pilipino.

______ 10. Taglay ng Pilipino ang mga kanais-nais at di-kanais-nais na katangian.

______ 11. Mahilig magdiwang ng kasiyahan ang mga Pilipino.

______12. Isang tradisyon ang pamamanhikan kung saan hihingin ng mapapangasawang lalaki ang kamay ng babae upang pakasalan.

______13. Hindi bahagi ng kulturang Pilipino ang muling pagsasama-sama o pagtitipon -tipon ng pamilya.

______14. Nagdaraos ng iba't ibang pista ang mga Pilipino sa loob ng isang taon.

______15. Isang halimbawa ng pistang Pilipino ang Pista ng Higanteng Parol sa San Fernando, Pampanga.


Kumusta ang pagsusulit? Sa palagay mo ba'y nasagot mo nang tama ang mga katanungan? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 27.

Kung tama ang lahat ng sagot mo, napakagaling! Kung may iba kang mali, huwag mag-alala. Ibig sabihin nito, para sa iyo ang modyul na ito. Tutulungan ka nitong maintindihan ang ilang mahalagang konsepto na magagamit mo sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay. Kung pag-aaralan mo ng mabuti ang modyul na ito, malalaman mo ang mga sagot sa lahat ng mga tanong at marami pang iba. Handa ka na ba?

Maaari ka nang magtungo sa susunod na pahina para simulan ang Aralin 1.

## Aralin 1


# Iba't ibang Katangian ng mga Pilipino




May malapit na ugnayan ang pamilyang Pilipino. Binubuo ito ng mga lolo at lola, magulang at ang kanilang mga anak. Bilang pinuno ng pamilya, nirerespeto ang ama at ito ang gumagawa ng pinal na pagpapasya. Nagtatrabaho siya ng mabuti para sa kanyang pamilya. Tumutulong din ang ina sa paghahanap-buhay at siyang namamahala sa gastusin ng pamilya. Minamahal din siya at nirerespeto tulad ng ama. Tumutulong sa gawaing bahay ang lahat ng mga miyembro ng pamilya. Ang mga lolo at lola ang tagapayo. Mahalaga ang kanilang opinyon sa bawat miyembro ng pamilya.

Mayroon ding malaking *extended family* ang mga Pilipino. Alam mo ba kung ano ang ibig sabihin ng extended family?

## Alamin Natin




Kadalasang may kasamang respeto ang malapit na ugnayan ng pamilya. Mataas ang paggalang ng mga anak sa kanilang mga magulang. Hindi tama para sa mga bata ang gumawa ng mga importanteng bagay na hindi kumokonsulta sa kanilang magulang lalo na kung nakadepende pa sila sa mga ito. Dagdag pa dito, ang batang sumasagot sa kanilang magulang o sa nakatatanda sa kanya ay itinuturing na kawalang galang. Dapat gamitin ang “po” kapag nakikipag-usap sa mga matatanda tulad ng lolo at lola.



Lubhang maawain at mapagbigay ang mga Pilipino lalo na kung tumutulong sa mga taong nawalan ng mahal sa buhay. Handa silang makiramay at magbigay ng suportang emosyonal. Bukod pa rito, tumutulong din ang mga Pilipino sa pangangailangang pinansiyal, kahit pa sapat lang ang kita nila. Para sa mga hindi makapagbigay ng tulong pinansiyal, tumutulong sila sa pamamagitan ng pagbibigay ng kanilang serbisyo, halimbawa, nag-aabot ng kape at tinapay, naghuhugas ng mga plato at nag-aasikaso ng mga taong pumupunta sa lamay. Maraming mga tao ang nakikipaglibing. Ang iba ay sumasama sa paglalakad ng malayo para ipakita ang pakikiramay.




## Subukan Natin Ito


Tingnan ng maigi ang bawat larawan. Lagyan ng tsek (4) ang maliit na kahon kung nagpapakita ang larawan ng kanais-nais na katangian o gawaing Pilipino at ekis (6) kung hindi.



1.




2.



3.




4.


Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 28.

Gaano kahusay ang iyong ginawa? Nakuha mo ba lahat ang tamang sagot? Kung  nakuha mo, binabati kita! Pero kung mayroon kang mali, huwag mag-alala, para sa iyo talaga ang modyul na ito. Kailangan mo lang mag-aral ng mabuti.


Ipagpatuloy natin ang pagbabasa.

Isa pang katangian ang *pakikisama* na nagpapakita ng pagtutulungan sa paggawa at mabuting pagsasamahan, kung gagamitin ng tama. Karaniwang umaayon ang mga Pilipino sa pananaw ng pangkat at iniiwasan niyang magsalita ng makakasakit tulad ng pagsasabi ng "hindi" ng walang pasubali, para hindi makasakit ng damdamin ng kaibigan. Ang katangiang ito ay nakapagpapaunlad ng samahan ng isang grupo.






Kilala rin ang mga Pilipino sa *bayanihan*. Nangangahulugan na handa ang Pilipino sa oras ng pangangailangan, krisis at kalamidad. Hindi lang sa pabubuhat ng kubo nakikita ang bayanihan. May iba't ibang anyo ito sa panahon ngayon. Halimbawa nito ang mga *rescue operation,* mga kusang loob na serbisyong pangkalusugan, pagbibigay ng mga *relief goods* at marami pang iba. Maagap ang mga Pilipino sa pagtulong sa mga taong nangangailangan na hindi naghihintay ng anumang kapalit.



Ang mga Pilipino sa pangkalahatan ay mapagmahal sa kapayapaan. Hangga't maaari umiiwas sila sa pakikipag-away sa kanilang kapwa. Ngunit kapag dumarating ang mga pahahong may salungatan, may mapayapang paraan ang mga Pilipino sa paglutas ng problema. Ito ang tinatawag na sistemang *padrino*. May taong namamagitan para magkasundo ang magkabilang panig. Mabisa ito dahil karaniwang ang padrino ay isang malapit na kaibigan at sa pamamagitan niya, nagkakasundo ang magkabilang panig. Naiiwasan ang mainitang pagtatalo at paghaharap sa ganitong pamamaraan.



## Alamin Natin





## Subukan Natin Ito

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| S | I | S | T | E | M | A | N | G | M | A | Y | P | A | D | R | I | N | O |
| E | G | E | N | E | A | O | U | C | B | A | Y | A | N | I | H | A | N | M |
| A | W | F | A | A | P | P | Y | O | A | R | R | K | L | A | B | W | R | M |
| A | S | D | F | G | H | J | J | K | K | U | Y | I | O | A | M | A | Y | A |
| L | K | J | H | G | F | S | A | D | R | T | Y | K | S | P | M | U | B | P |
| L | M | Y | D | E | B | E | V | A | N | C | P | I | D | E | A | S | D | A |
| O | P | O | H | P | I | O | U | E | I | G | E | S | A | L | G | H | J | G |
| V | M | A | A | W | A | I | N | E | H | I | C | A | X | O | Q | W | E | B |
| I | O | P | S | R | A | C | P | A | A | T | T | M | B | V | Y | U | I | I |
| M | A | B | U | T | I | N | G | P | A | G | S | A | S | A | M | A | S | G |
| W | A | U | E | R | D | U | S | S | Y | M | P | N | A | N | P | O | Y | A |
| P | A | G | G | A | L | A | N | G | T | O | H | P | M | P | G | F | A | Y |

Bilugan ang mga katangian na makikita sa palaisipan sa itaas. Ito ay maaaring pahalang o patayo. Umpisahan ang paghahanap!

Ang mga sumusunod ang dapat na binilugang salita:


| | |
|---|---|
| SISTEMAMG MAY PADRINO | MAPAGBIGAY |
| PAKIKISAMA | OPO |
| MABUTING PAGSASAMA | MAAWAIN |
| PAGGALANG | BAYANIHAN |

Nakita mo ba silang lahat? Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 28.





## Basahin Natin Ito

Naniniwala sa tadhana ang karamihan sa mga Pilipino. Naniniwala sila na ang kanilang tagumpay at pagkabigo sa buhay ay nakasalalay sa kapalaran o tadhana. Ipinapahayag sa pariralang "Bahala Na" ang katangiang na ito. Dahil dito nagsasawalang-bahala, tamad at walang ingat ang ilang mga Pilipino. Inilalagay nila ang kanilang mga suliranin sa isang di-tiyak na kinabukasan. Ginagamit nila ang ugaling *Bahala Na* para umiwas sa paglutas ng suliranin. Dahil dito, karaniwang lalong nagiging masalimuot ang mga suliranin.




Isa pang katangian ng mga Pilipino ang *Mañana Habit*. Tumutukoy ito sa ugaling Pilipino na isinasantabi ang tungkulin o gawain para gawin kinabukasan o sa ibang araw. Humahanap siya ng paraan para hindi gampanan ang gawaing nakaatang sa kanya sa oras na iyon, gagawin lamang niya ito kung kailan niya gustong gawin. Kadalasan hindi na nagagawa ang mga gawain.




*Ningas Cogon* ang tawag sa ugali ni Nina, isa pang katangiang Pilipino. Tumutukoy ito sa interes ng isang tao na sa umpisa lang gagawa, subalit kadalasang nawawalan siya ng interes bago matapos ang gawain. Hindi ito magandang katangian dahil hindi natatapos ang mga gawain.

Maramdamin sa mga puna at panlalait ang mga Pilipino. Minsan, nasasaktan sila kahit biro lamang ang isang puna. Nagkakaroon sila ng mga kaaway bunga ng mga dahilan na itinuturing ng mga banyaga na di-mahalaga. Lahat ng mga katangiang nabanggit ay nakakaimpluwensiya sa *amor propio* (pagtatangi sa sarili) ng isang tao. Minsan, inuudyukan ng katangiang ito ang tao para magyabang sa harap ng kanyang mga kasama at mga tauhan upang siya ay igalang.

Isa ring katangiang Pilipino ang *panggagaya.* Mahilig na manggaya ang mga Pilipino at mahusay sila rito. Napapansin mo ba na kahawig ng karamihan sa mga palabas sa telebisyon at sinehan ay kahawig ng sa mga kanluranin?

Makikita rin ang katangiang ito sa moda. Tinitingala ng mga karaniwang tao ang kanilang paboritong mga artista at ginagaya ang kanilang pananamit. Kaya *trendsetters* ang tawag sa mga sikat na artista.

Maaaring narinig mo na ang ekspresyong "sumali sa uso". Isa ring katangiang Pilipino ang mentalidad na *bandwagon.* Ang *bandwagon* ay isang gawain o bagay na uso o kilala sa ngayon, na dati-rating walang interes ang mga tao. Tumutukoy ang *mentalidad na bandwagon* sa kasabikan ng mga taong makisakay sa uso, kahit pa ito ay

negosyo, moda o pagkain. Ang biglang pag-unlad *ng nata de coco* noong 1998 ang halimbawa ng mentalidad na ito. Noong taong iyon, halos lahat ng mga tahanan sa bansa ay marunong gumawa ng nata de coco.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Bago tayo magpatuloy sa susunod na aralin, gawin ang pagsasanay sa ibaba para malaman kung gaano na ang natutuhan mo sa araling ito.

Itugma ang mga salita o parirala sa Hanay A sa mga nasa Hanay B.

**Hanay A**

1. malapit na ugnayan ng pamilya
2. awa
3. pakikisama
4. bayanihan
5. padrino
6. bahala Na
7. manana Habit
8. ningas cogon
9. amor propio
10. mentalidad na bandwagon

**Hanay B**

a. sabik ang mga Pilipino na makisali sa uso o moda
b. maski ano ang mangyari
c. isang tagapamagitan na tumutulong na malutas ang di-pagkakaunawaan
d. handang tumulong na walang hinihintay na kapalit
e. masigasig lamang sa umpisa ng gawain o proyekto
f. laging ipinagpapaliban ang gawain sa ibang araw
g. pagtatangi sa sarili
h. pinahahalagahan ang pagkakaibigan
i. nakikiramay sa nagdadalamhating pamilya
j. karaniwang nakatira ang mga lolo at lola kasama ng pamilya

Ihambing ang inyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 29.

Gaano kahusay ang ginawa mo? Kung nakuha mo lahat ang tamang sagot, binabati kita! Handa ka nang magpatuloy sa susunod na aralin.

Kung 8 o 9 ang iskor mo, mabuti! Balikan mo na lang ang mahihirap na bahagi sa araling ito.

Kung 7 o mas mababa pa rito ang iskor mo, dapat pag-aralan mong muli ang buong aralin upang mas maunawaan mo ito.


## Tandaan Natin

Maraming katangian ang mga Pilipino na siyang nagpapaiba sa kanya sa iba pang mga tao sa buong mundo. Kahanga-hanga at ipinagkakapuri ang ilan sa mga katangiang ito. Pero mayroon ding mga katangian na di kanais-nais. Bilang mga Pilipino, dapat makilala natin ang mga kanais-nais at di kanais-nais na katangian. Sa gayon, maaari nating pagyamanin ang ating mabubuting katangian at alisin ang mga di kanais-nais.


- Ang malapit na ugnayan ng pamilya, pakikisama at bayanihan ay ilan sa mga kanais-nais na katangiang Pilipino;
- Ang ningas Cogon, mentalidad na Bandwagon at ang mañana habit ay ilan sa mga di kanais-nais na katangiang Pilipino;
- Dapat nating linangin ang ating mga kanais-nais na katangian at alisin ang mga di kanais-nais.

# ARALIN 2

# Iba’t ibang Mga Tradisyong Pilipino




## Alamin Natin



Isa sa mga mahalagang tradisyong Pilipino ang *pamamanhikan*. Kalimitan ang pamilya ng babae ang nangangasiwa nito. Ang ikakasal na lalaki at ang kanyang mga magulang ay dadalaw sa pamilya ng babae para pormal na hingin ang kamay ng dalaga bilang mapapangasawa at para mapag-usapan ang darating na kasalan habang nagtatanghalian o naghahapunan. Kaugalian na may dalang regalo ang bumibisitang pamilya (kalimitan ay ang espesyal na niluto ng ina) para sa maybahay.

Isang magandang daan ang *pamanhikan* para makaiwas sa isang nakakaasiwang katayuan na ang mga magulang ng ikakasal na lalaki at babae ay magkikita lamang sa unang pagkakataon sa araw ng kasal. Isang magandang daan ito para sa dalawang partido na magkakilala.

Basahin.




Isang bahagi ng kulturang Pilipino ang muling pagsama-sama ng pamilya. Gaya ng natutuhan natin sa naunang modyul, malapit ang ugnayan ng pamilyang Pilipino. Kaya nga kinukuha nila ang bawat pagkakataon na magkasama-sama sila ng kanilang mga kamag-anak.

Karaniwan sa mga pagtitipon kung saan nagkakasama-sama ang pamilya ay Pasko, kasalan, pagkamatay ng isang mahal sa buhay, Bagong Taon, araw ng kapanganakan at marami pang iba. Pero mayroong mga pamilya na nagdadaos ng muling pagsasama-sama ng pamilya kahit walang espesyal na okasyon. Layunin nito na mapanatili ang malapit na pag-uugnayan na pinahahalagahang maigi ng mga Pilipino.

## Subukan Natin Ito

May alam ka pa bang ibang okasyon na nagkakasama-sama ang mga pamilya at magkakamag-anak? Kung meron, isulat ang mga ito sa mga patlang na inilaan sa ibaba.

_______________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________

_______________________________________________________________________________

## Basahin Natin Ito

Hindi magiging lubos ang tradisyong Pilipino kung walang pagdiriwang ng iba't ibang pista. Mahilig ang Pilipino sa pista at nagdaraos sila ng pagdiriwang halos buwan-buwan.



Ipinakikita sa pahina 17 ang ilan sa mga pista na ipinagdiriwang ng mga Pilipino:

| Pagdiriwang | Petsa | Lugar ng Pista | Paglalarawan |
|---|---|---|---|
| Pista ng Sinulog | Ikatlong linggo | Cebu City<br>ng Enero | Isang panlalawigang patimpalak tungkol sa interpretasyon sa kahulugan ng pagdating ng mga mananakop na Kastila para magpalaganap ang Kristiyanismo. Mayroong mga suhay, diyalogo, mga kasuutan (ang plano ng kulay at paggamit ng katutubong kagamitan ay isang bahagi ng pamantayan sa paligsahan). |
| Araw ng Cabanatuan | 3 Pebrero | Cabanatuan City | Binibigyang diin ng parada ang paglago ng Nueva Ecija at pag-unlad ng Cabanatuan mula noong bago dumating ang mga Kastila hanggang sa pananakop ng mga Hapon hanggang sa kasalukuyan. |
| Semana Santa<br>(Mahal Na Araw) | Marso 24-30 | Buong bansa | Pagpapakita ng paghihirap at pagkamatay ni Kristo |
| Pista ng Kalilang | Abril 10-15 | Marawi City,<br>Lanao del Sur | Pista na nagpapaalaala ng anibersaryo ng *charter* ng Marawi City; nagpapakita ng mga tradisyonal na awit at sayaw ng Muslim, eksibit ng kulturang Maranao, mga gamit, pagkain at mga gawaing ukol sa relihiyong Muslim |
| Santa Cruz de Mayo<br>o Santacruzan | Huling araw<br>ng Mayo | Lahat ng bahagi<br><br>Naomi at Birhen Maria. | Pista na nagtatampok ng magagandang dalaga ng bansa na nakasuot ng magagarang tunika. Naglalarawan sila ng mga biblikal at makasaysayang mga tao tulad ni Reyna Helena (Reyna Elena), |
| Pista ng Masskara | Oktubre 19 | Bacolod City,<br>Negros Occidental | Pinakamalaking taunang pagdiriwang na nagpapakita ng pagmamahal sa at kasayahan ng mga katutubong taga-Bacolod. Kasabay sa pagdiriwang ng charter ng Bacolod City ang mga paligsahan sa isports, palatuntunang kultural, karnibal, palabas, paligsahan ng kagandahan at ang mahabang pagsasayaw sa kalye ng mga nakasuot ng damit at maskara tulad ng sa Mardi-Gras. |
| Pista ng Gran Cordillera | Nobyembre 17-25 | Baguio City | Isa sa malaking pagdiriwang sa rehiyon na ginaganap sa Benguet taun-taon na nagtatampok ng pagtitipon-tipon ng mga tribo sa isang linggong labanan para ipagdiwang ang buhay na nagpapakita ng mga sayaw ng tribo at pagtatanghal ng mga ritwal ng pasasalamat. |

| Pagdiriwang | Petsa | Lugar ng Pista | Paglalarawan |
|---|---|---|---|
| Pista ng Higanteng Parol ng San Fernando | Disyembre | Paskuhan Village, San Fernando, Pampanga | Pista ng malahiganteng mga parol na may iba't ibang kulay na natatangi sa bawat sumasaling mga barangay at bayan sa San Fernando. Sumusukat ng mula 10 hanggang 15 piye sa diyametro, ang mga parol na ito na nakasakay sa malalaking mga trak at nagpapakita ng mga ilaw na sumasayaw sa saliw ng musika ng kasamang banda. |
| (Sayaw sa Ubando) | Mayo 17-19 | Obando, Bulacan | Tatlong araw na pagdiriwang ng pista ni San Pascual Baylon, Sta. Clara at Nuestra Senora de Salambao. Ang mga mag-asawang walang anak, nagpapasalamat na mga magulang, nagpapasalamat na mga magsasaka at mangingisda ay nagsasayaw sa kalye kasama ng mga babaeng may kasuotang makukulay para ipagdasal ang mga bata at ang magandang ani. |
| Pista ng mga Pintado | Hunyo 29 | Tubod, Lanao del Norte | Isang kasiyahan sa kalye at paligsahan na nakasentro sa matatandang kaugalian ng pagta-*tattoo* na nagpapahiwatig ng tapang at istatus sa isang pamayanan. |
| Pista ng Sagayan | Hulyo 3-5 | Basco, Batanes | Kakaibang pistang kultural na nagpapakita ng sayaw ng pakikidigma ng mga lalaking katutubo at ang "Kasiduratan" ng mga babaeng Muslim na suot ang kanilang makukulay at kakaibang kasuotan. Sumasali sa pistang ito ang lahat ng mga bayan ng lalawigan. |
| Pista ng Palu-Palo | Agosto 4-5 | Malaybalay, Bukidnon | Pagtatanghal kultural ng iba't ibang bayan ng Batanes na nagpapakita ng mga kakayahan ng mga Ivatan. |
| Pista ng Kaamulan | Setyembre 2-7 | Bukidnon | Kakaibang pista ng mga awit, sayaw at sosyo-kultural na gawain na nagsasama at pinag-iisa ang mga tribo ng pamayanan at ang iba pang mga sektor ng lalawigan ng Bukidnon. |



## Subukan Natin Ito

May alam ka ba na iba pang  mga pista na ipinagdiriwang  ng mga Pilipino? Kung mayroon, isulat ang mga ito sa patlang na nakalaan sa ibaba.

____________________________________________________________


____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Ipakita ang iyong mga sagot sa iyong *Instructional Manager* para sa dagdag na talakayan.



## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Bago natin tapusin ang araling ito, sagutin ang pagsasanay sa ibaba para malaman kung gaano ang natutuhan mo sa araling ito.

Isulat ang **T** kung ang pahayag ay tama at **M** kung ang pahayag ay mali.

__________ 1. Sa pamamanhikan, pormal na hihingiin ng babaeng ikakasal ang kamay ng lalaki sa pag-aasawa.

__________ 2. Pagkatapos ng pamamanhikan, paninilbihan naman ang kasunod. Dito ipinakikita ng mapapangasawang lalaki ang kanyang kahalagahan sa pamamagitan ng pagbibigay niya ng serbisyo sa pamilya ng babae.

__________ 3. Magandang pagkakataon ang pamamanhikan upang magkakilala ang mga pamilya ng ikakasal.

__________ 4. Ginaganap ang muling pagpasama-sama ng pamilya upang masira ang malapit na ugnayan ng pamilya.

__________ 5. Mainam na okasyon ang mga kasalan at Pasko para magkasama-sama ang pamilya.

__________ 6. Hindi bahagi ng kulturang Pilipino ang muling pagsasama-sama ng pamilya.

__________ 7. Ipinagdiriwang ang Araw ng Cabanatuan tuwing ikatlong linggo ng Enero.

__________ 8. Ipinagdiriwang ang Pista ng Pintado tuwing ika–29 ng Hunyo sa Tacloban City, Leyte.

__________ 9. Ipinagdiriwang ang Pista ng Parol sa San Fernando kung buwan ng Mayo.

__________ 10. Nagdiriwang ang mga Pilipino ng mga mahahalagang pangyayari tulad ng mga kaarawan, mga anibersaryo ng kasal, araw ng Pasko at Bagong Taon.

Ihambing ang inyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 29.

Kung tama lahat ang sagot mo, binabati kita! Marami kang natutuhan sa araling ito.

Kung 8 o 9 ang iskor mo, mabuti! Kailangan mo na lang pag-aralan ang mahihirap na bahagi na nadaanan mo sa ng araling ito.

Ngunit, kung 7 o mababa pa rito ang iskor mo, kailangang pagbalik-aralan mo ang buong aralin upang mas maunawaan mo ito nang mabuti.

## Tandaan Natin

Ilan lamang ang pamamanhikan, muling pagsasama-sama ng pamilya at pagdiriwang ng iba't ibang pista sa maraming makukulay na tradisyon ng mga Pilipino.

- Isa sa kulturang Pilipino na pinahahalagahan ang pamamanhikan. Maganda itong paraan para magkakilala ang pamilya ng magiging mag-asawa
- Sa muling pagsasama-sama ng pamilya, nagkikita-kita ang mga pamilya lalo na kung Pasko, kasal, Bagong Taon, kaarawan at marami pang ibang okasyon.
- Ang mga pista ay ilan sa mga piyesta at pangilin na ipinagdiriwang ng mga Pilipino ay Santacruzan, Mahal na Araw at iba pa.



## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

Bago mo tapusin ang pag-aaral ng modyul na ito, sagutin ang pagsasanay sa ibaba para malaman mo kung anu-ano na ang mga natutuhan mo sa araling ito.

Punan ang bawat pangungusap ng tamang sagot. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Sa pamilyang Pilipino, ang ama ang ____________________.

   a. maybahay
   b. puno
   c. tagasunod
   d. tagapayo

2. Ang halimbawa ng extended family ay ang ____________________.

   a. ninang
   b. kapatid na lalaki
   c. pinsan
   d. ina

3. Handang aliwin ang mga Pilipino ang nawalan ng mahal sa buhay. Nagpapakita ito na ang mga Pilipino ay ____________________.

   a. tamad
   b. tiwali at hindi mapagkakatiwalaan
   c. malupit
   d. maawain at matulungin

4. Ang *bayanihan* ay tungkol sa ______________________________ ng mga Pilipino.

    a. kahandaang tumulong sa oras ng pangangailangan, krisis at kalamidad

    b. kahandaang magtago sa oras ng pangangailangan, krisis at kalamidad

    c. kahandaang tumakbo sa oras ng pangangailangan, krisis at kalamidad

    d. kahandaang sumuko sa oras ng pangangailangan, krisis at kalamidad

5. Tungkol ito sa ugali ng mga Pilipino na ilagay sa isang tabi ang kanyang ginagawa sa kasalukuyan para sa ibang oras o araw.

    a. manama habit

    b. manasa habit

    c. mañana habit

    d. manara habit

6. Ang ibig sabihin ng *amor propio* ay ____________________.

    a. pagpuna sa sarili

    b. pagpapahalaga sa sarili

    c. sariling gawa

    d. sariling pagsusuri

7. Magandang paraan ito upang maiwasan ang sitwasyong ang mga magulang ng ikakasal na babae at lalaki ay magkikita lamang sa unang pagkakataon sa araw ng kanilang kasal.

    a. pamamanhikan

    b. pamantasan

    c. pamantayan

    d. pamahiin

8. Layunin nitong mapanatili ang malapit na ugnayan ng pamilya na pinahahalagahang maigi ng mga Pilipino.

   a. muling pamamasyal ng pamilya
   b. muling pagpasama-sama ng pamilya
   c. muling pagkain ng pamilya sa labas
   d. muling panonood ng sine ng pamilya

9. Masayahing tao ang mga Pilipino kaya nagdiriwang sila ng ____________________.

   a. mga pista
   b. peste
   c. pang-aapi
   d. kalamidad

10. Sa pistang ito, nagtatanghal sa entablado ang mga tao ng paghihirap at pagkamatay ni Kristo.

   a. Pista ng Kalilang
   b. Pista ng Sinulog
   c. Pista ng Pintados
   d. Semana Santa

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 29.

Kung tama lahat ang sagot mo, binabati kita! Handa ka nang lumipat sa susunod na modyul.

Kung 8 o 9 ang iskor mo, mabuti! Pagbalik-aralan mo na lang ang mahihirap na bahagi na nadaanan mo sa araling ito.

Subalit kung 7 o mas mababa ang iskor mo, kailangang pag-aralan mo ulit ang buong modyul para maunawaan mo ito ng mabuti.



## Ibuod Natin

- May mayaman at makulay na kultura ang mga Pilipino. Mayroon siyang katangian na naglalarawan sa kanya bilang Pilipino at nagpapaiba sa kanya sa ibang mga tao sa mundo.
- Mahalagang bahagi ng ating kultura ang iba't ibang tradisyong Pilipino. Ang mga tradisyong ito na ipinamana sa atin mula sa isang salinlahi patungo sa kasunod pa. Ito ay katibayan ng yaman ng ating kulturang Pilipino.
- Maraming katangian ang mga Pilipino na ikinaiiba niya sa ibang mga tao. Kahanga-hanga at ipinagkakapuri ang ilan sa mga katangiang ito. Pero mayroon ding mga katangian na di kanais-nais. Bilang mga Pilipino, dapat makilala niya ang kanais-nais at di kanais-nais na katangian. Sa gayon, maaari nating pagyamanin ang ating mabubuting katangian at alisin ang mga di kanais-nais.
- Ilan sa mga kanais-nais na katangiang Pilipino ang malapit na ugnayan ng pamilya, pakikisama at bayanihan.
- Ilan sa mga di kanais-nais na katangiang Pilipino ang *ningas cogon, mentalidad na bandwagon* at ang *mañana habit*.
- Dapat nating linangin ang ating mga mabubuting katangian at alisin ang mga di kanais-nais na katangian.
- Ilan lamang sa maraming makukulay na tradisyong Pilipino ang pamamanhikan, muling pagsasama-sama ng pamilya at pagdiriwang ng iba't ibang pista.
- Isa sa mga kulturang Pilipino na pinahahalagahan ang pamamanhikan. Maganda rin itong paraan para magkakilala ang magkabilang panig.
- Ang muling pagsasama-sama ng pamilya ay karaniwan kung Pasko, kasal, Bagong Taon, kaarawan at marami pang ibang okasyon.
- Ang mga pista ay ilan sa pangilin na ipinagdiriwang ng mga Pilipino.

## Batayan sa Pagwawasto

### A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pahina 2–3)*

1. T
2. M – Sa pamilyang Pilipino, ang ama ang puno.
3. T
4. M – Ang  ibig sabihin ng pakikisama ay pagpapahalaga sa mabuting pagsasamahan.
5. T
6. T
7. M – ang mañana habit ay tungkol sa ugali ng mga Pilipino na  isinasantabi ang  kasalukuyang ginagawa para sa ibang oras o araw.
8. M – ang amor propio ay nangangahulugan ng pagpapahalaga sa sarili.
9. T
10. T
11. T
12. T
13. M – Bahagi ng kulturang Pilipino ang muling pagsasama-sama ng pamilya o *family reunion.*
14. T
15. T

*Subukan Natin Ito (pahina 6)*

1. 4 3. 4

2. 6 4. 6

*Subukan Natin Ito (pahina 9–10)*

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| S | I | S | T | E | M | A | N | G | M | A | Y | P | A | D | R | I | N | O |
| E | G | E | N | E | A | O | U | C | B | A | Y | A | N | I | H | A | N | M |
| A | W | F | A | A | P | P | Y | O | A | R | R | K | L | A | B | W | R | M |
| A | S | D | F | G | H | J | J | K | K | U | Y | I | O | A | M | A | Y | A |
| L | K | J | H | G | F | S | A | D | R | T | Y | K | S | P | M | U | B | P |
| L | M | Y | D | E | B | E | V | A | N | C | P | I | D | E | A | S | D | A |
| O | P | O | H | P | I | O | U | E | I | G | E | S | A | L | G | H | J | G |
| V | M | A | A | W | A | I | N | E | H | I | C | A | X | O | Q | W | E | B |
| I | O | P | S | R | A | C | P | A | A | T | T | M | B | V | Y | U | I | I |
| M | A | B | U | T | I | N | G | P | A | G | S | A | S | A | M | A | S | G |
| W | A | U | E | R | D | U | S | S | Y | M | P | N | A | N | P | O | Y | A |
| P | A | G | G | A | L | A | N | G | T | O | H | P | M | P | G | F | A | Y |

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 12)*

1. j
2. i
3. h
4. d
5. c
6. b
7. f
8. e
9. g
10. a

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 20)*

1. M – Sa pamamanhikan pormal na hinihingi ng lalaking ikakasal ang kamay ng babae sa pagpapakasal.
2. T
3. T
4. M – Ang muling pagsasama-sama ng pamilya o family reunion ay idinaraos para mapanatili ang pagkakabuklod-buklod ng pamilya.
5. T
6. M – Bahagi ng kulturang Pilipino ang muling pagsasama-sama ng pamilya o family reunion.
7. M – Ipinagdiriwang kada ikatlo ng Pebrero ang Araw ng Cabanatuan.
8. T
9. M – Ipinagdiriwang tuwing buwan ng Disyembre ang Pista ng Parol ng San Fernando.
10.

## B. *Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?* *(pahina 22–24)*

1. b
2. c
3. d
4. a
5. c
6. b
7. a
8. b
9. a
10. d

## Mga Sanggunian


*Culture*. Filipino Pre-Wedding Traditions. <http://www.weddingsatwork.com/culture/tradition.htm>. October 27, 2000, date accessed.

Santos, Rogelio A. (2000). *Onli In Da Pilipins*. Filipino Traits and Customs. <http://www.dock.net/rogers/filtraits.html>. October 30, 2000, date accessed.

Philippine Convention and Visitors Corporation. *Festivals in Luzon.* <http://www.dotpcvc.gov.ph/fest_luz.htm>. November 6, 2000, date accessed.

Philippine Convention and Visitors Corporation. *Festivals in Visayas.* <http://www.dotpcvc.gov.ph/fest_vis.htm>. November 6, 2000, date accessed.

Philippine Convention and Visitors Corporation. *Festivals in Mindanao.* <http://www.dotpcvc.gov.ph/fest_min.htm>. November 6, 2000, date accessed.

Philippine Convention and Visitors Corporation. *Rituals of Bliss. Filipino.* <http://www.aonline.com/article/0,1153,2500-17514-5,00.html>. October 27, 2000, date accessed.

Robinson, Mairi and George Davidson, eds. *Chambers 21st Century Dictionary*. Chambers; Edinburgh, UK, 1996.

*Travel Insights*. Filipino Traits. <http://www.visayahoo.com/features/travel/filtraits2.html>. October 30, 2000, date accessed.

*Travel Insights*. Filipino Traits. <http://www.visayahoo.com/features/travel/filtraits2.html>. October 30, 2000 date accessed.